


Lesson 3

# "MAGSISI KAYO"

*Mateo 4:12-17*

**LAYUNIN:** *Pagkatapos ng araling ito…*

- *Mauunawaan ninyo kung bakit sobrang kailangan na ang lahat ng tao ay magsisi sa kanilang mga kasalanan.*
- *Pahahalagahan ninyo ang babala ng Diyos sa atin kung hindi tayo magsisisi at ang pagpapalang natanggap natin nang tayo'y patawarin ng Diyos.*
- *Ipapahayag ninyo sa Diyos ang ilan pang mga kasalanang dapat ihingi ng tawad sa kanya.*

## PANIMULA

1. Kung may isang taong nagsabi sa inyo ng isa ninyong kasalanan na dapat ninyong pagsisihan, ano ang mararamdaman ninyo at bakit? Paano naman kung si Jesus ang nagsabi na, "Magsisi kayo!", ano ang pagkakatulad at kaibahan nito?

   ***Tulay sa Pag-aaral:*** Hindi tayo kumportable kung sasabihan tayo na kailangan nating magsisi dahil ipinapakita nito na mayroon tayong problema. Ngunit kung sinabi ito ni Jesus, alam nating ito ang totoo at kailangan natin. Hindi man kumportable sa atin, dapat malaman natin na ang problema natin, ang kasalanan, ay siyang ikapapahamak natin. Sa araling ito, pag-uusapan natin kung para kanino ang utos na ito ni Cristo, bakit ito mahalaga, ano ang tunay na kahulugan ng pagsisisi at kailan tayo dapat magsisi. [Basahin ang Mateo 4:12-17.]

## PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 17. Para kanino ang utos ni Jesus na magsisi? Balikan ang verses 13-16 at tingnan ang layunin kung bakit sa Capernaum sa Galilea ang pinili ni Jesus na maging sentro ng kanyang ministeryo, sa halip na sa Jerusalem. Tingnan din ang Lucas 24:46-47.

3. Batay sa Roma 3:23, bakit kailangang lahat ng tao ay magsisi? Kung sa simula pa lang ng ministeryo ni Cristo sa publiko ay pagsisisi ang kanyang pangunahing mensahe, ano ang ipinapakita nito sa atin na pagtingin ni Jesus sa kasalanan?

4. Ang salitang "pagsisisi" ay galing sa salitang Griyego (*metanoia*) na ang kahulugan ay "change of mind" o "change of attitude." Kung patungkol sa kasalanan, ano ang ipinapakita nitong tunay na kahulugan ng pagsisisi? Totoo ba ang sinabi ni John Piper na ang pagsisisi o repentance ay "internal change of mind and heart rather than mere sorrow for sin or mere improvement of behavior"? Patunayan.

5. Ano ang ilan sa mga mali nating pananaw tungkol sa tunay na pagsisisi? Paano natin dapat ngayong tingnan ang tunay na pagsisisi?

6. Ayon sa Mateo 4:17, ano ang dahilan kung bakit kinakailangang magsisi kaagad? Ano ang kahulugan ng "malapit nang dumating ang kaharian ng langit" para sa mga hindi magsisisi? Tingnan ang Lucas 13:1-5 at Mateo 11:20-24.

7. Ano naman ang kahulugan ng "malapit nang dumating ang kaharian ng langit" para sa mga magsisisi at magtitiwala kay Cristo? Iugnay ito sa propesiya sa Mateo 4:15-16; Juan 1:4, 9; at Gawa 2:38.

8. Ayon sa napag-usapan sa No. 6 at No. 7, bakit hindi dapat pagtagalin pa ang pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan? Ano ang epekto nito sa pakikitungo natin sa mga taong wala pang tunay na kaligtasan?

## PAGSASABUHAY

9. Paano makatutulong sa iyong pagsunod sa utos ni Cristo ang maunawaan na ang pagsisisi ay isang pagbabago sa kalooban o damdamin natin laban sa kasalanan?

10. Ang pagsisisi ba ay minsanan lang na gagawin o ito ay isang "lifestyle"? Kung sa gayon, ano ang isang kasalanan na ihihingi mo ng tawad sa Diyos at sisikaping talikuran na? [By partner]

**SA SUSUNOD?**

- Isaulo ang Mateo 4:17.
- Sanayin ang sarili sa paghingi ng tawad sa Diyos bago matulog, sa susunod na pitong araw.